
# Modyul 2

## Pakikipagtulungan ng Magulang at Guro

### Parents Who Connect!



# PANIMULA



Bilang isang magulang, gusto mo ang pinakamahusay para sa edukasyon ng iyong anak. Ang paaralan at guro ng iyong anak ay nagsusumikap para sa parehong layunin. Ang tagumpay sa paaralan ng iyong anak ay maaaring makakuha ng malaking tulong kapag nakikipagtulungan ka sa kanilang mga guro upang lumikha ng isang positibong kapaligiran sa pag-aaral. Ang pakikipagsosyo o pakikipagtulungan sa mga guro ng iyong anak ay makakapagbigay sa kanila ng suporta na kailangan nila upang makayanan ang mga hamon sa pag-aaral at umunlad sa kanilang mga gawaing pang-edukasyon!

Sa Module 2 na ito, inaasahang tumibay pa ang koneksiyon mo sa mga guro ng iyong anak sa pamamagitan ng pag-unawa sa: 1) sariling tungkulin at kakayahan, 2) pangangailangan ng iyong anak sa kanyang pag-aaral; at 3) pangangailangang suporta ng guro para sa pagtuturo sa iyong anak.

Layunin ng Module 2 na ito na makamit mo ang Super Power na Konektadong Gabay sa pamamagitan ng:

- Paglalarawan ng iyong pagpapahalaga (value), paniniwala (belief), layunin (goal), at inaasahan (expectation) patungkol sa pag-aaral ng iyong anak;
- Mahusay na paggamit ng digital tools para sa komunikasyon sa guro ng iyong mga anak;
- Pagsusubok ng iba't ibang paraan ng pakikipagtulungan sa guro upang umunlad ang pagkatuto ng iyong anak.

**Sa modyul na ito, makakamit mo ang:**





**Konek Power:**
**Kaya kong epektibong makipagtulungan sa mga guro ng aking (mga) anak!**

# Modyul 2-A: Ang mga Pangunahing Kaalaman sa Pagtutulungan ng Magulang at Guro



## Layunin

Hello mga Super Gabay! Bago natin mapagtibay ang ating koneksyon sa ating anak at sa kanyang mga guro, bilang magulang ay mahalagang maunawaan natin ang ating pansariling pagpapahalaga, paniniwala, layunin, at inaasahan sa edukasyon ng ating anak.

Kalakip ng ating Super Gabay Power na mabuo at maging maliwanag sa iyo ang iyong tungkulin bilang magulang sa anak na nag-aaral sa pamamagitan ng mga sumusunod na layunin:

- Mailarawan ang mga halaga, paniniwala, layunin, at inaasahan ng mga magulang o tagapag-alaga na may kaugnayan sa pag-unlad at edukasyon ng kanilang mga anak;
- Matukoy ang iba't ibang uri ng hamon o problema na maaaring makaapekto sa pagganap ng tungkulin bilang magulang;
- Maibahagi sa mga kasama sa bahay ang kanilang mga: 1) pagpapahalaga (value), 2) paniniwala (belief), 3) layunin (goal); at 4) inaasahan (expectation) patungkol sa pag-aaral ng kanilang anak.

**Ready na? Aha! Aha!**

## Balikan Natin

### 3-2-1 THROWBACK

**Isulat ang tatlong (3) konseptong natutunan sa Synchronous Training Session.**

1. ........................................................................

2. ........................................................................

3. ........................................................................

Isulat ang dalawang (2) konseptong natutunan na sinubukang gawin para sa anak.

1. ..............................................................

2. ..............................................................

Isulat ang isang (1) bagay na gusto mo pang matutunan tungkol sa Parent-Teacher Partnership.

1. ..............................................................

..............................................................

## Gawin Natin

Magbigay ng tatlo (3) hanggang limang (5) paalala o payo tungkol sa iyong pag-aaral mula sa iyong mga magulang o mga nakatatanda sa iyo noong ikaw ay nag-aaral pa. Isulat ang mga paalala o payo sa loob ng ulap.

**Basahin nang malakas ang mga sinulat na paalala o payo. Maaaring basahin habang nakaharap sa salamin. Pagkatapos basahin ay sagutin ang mga tanong:**

1. Mula sa mga paalala o payo tungkol sa pag-aaral, ano sa tingin mo ang halaga o value ng mga ito para sa iyong pag-aaral noon?

2. Ano sa tingin mo ang paniniwala o belief ng iyong mga magulang o tagapag-alaga kung bakit nila palaging pinapa-alala ang mga ito sa iyo?

3. Ano sa tingin mo ang layunin o goal ng iyong mga magulang o tagapag-alaga kung bakit nila palaging pinapa-alala ang mga ito sa iyo?

4. Ano sa tingin mo ang inaasahan o expectation ng iyong mga magulang o tagapag-alaga sa iyong pag-aaral noon?

Basahin muli ang iyong mga sinulat sa ulap, ano sa tingin mo ang naging epekto ng mga payo o paalala ng iyong mga magulang noon?

Nais mo bang gamitin din ang mga payo o paalala ng iyong mga magulang sa iyong mga anak? Bakit?

## Alamin Natin

Pangunahing kaalaman tungkol sa pagtukoy o pagbuo ng tungkulin ng magulang para sa pag-aaral ng anak.

Isa sa may malaking dahilan ng pakikilahok ng magulang at tagapag-alaga sa pag-aaral ng anak ay ang kanilang pagtukoy o pagbuo ng tungkulin bilang magulang. Sa madaling salita, kapag maliwanag sa magulang ang kanyang tungkulin para sa pag-aaral ng anak, malaki ang maitutulong nito upang magkaroon ng positibong pagdedesisyon para sa ikabubuti ng anak.

Ang mga tungkulin o role ay itinuturing na mga hanay ng mga inaasahan na hawak ng isang pangkat o grupo para sa pag-uugali ng mga indibidwal na miyembro. Halimbawa nito ang mga inaasahan ng isang pamilya para sa pag-uugali ng ina, mga inaasahan ng isang komunidad para sa pag-uugali ng mga mag-aaral, magulang o hanay ng mga pag-uugali na katangian ng mga indibidwal sa loob ng isang grupo.

Ano-ano nga ba ang nakaka-impluwensya sa magulang upang mas matukoy o maging malinaw sa kanya ang kanyang tungkulin sa pag-aaral ng kanyang anak?

1. **Pangkalahatang ideya o kaalaman ng magulang.** Ang mga ideya ng mga magulang tungkol sa kanilang mga tungkulin sa edukasyon ng mga bata ay binuo sa pamamagitan ng karanasan bilang mga miyembro ng mga grupong nauugnay sa edukasyon ng mga bata. Ito ay naiimpluwensyahan ng mga personal na ideya at pakikipag-ugnayan sa ibang mga magulang at sa paaralan. Halimbawa: Sa pagdalo mo sa PTA meetings, naibahagi ng ilang mga magulang na mabuti ang pagkakaroon ng screen time para sa anak habang nag-aaral. Kaya naman, ginawa mo rin ang screen time policy para sa iyong anak upang magkaroon sila ng iba pang gawain sa bahay.

**2 Mga paniniwala ng magulang tungkol sa pag-unlad ng bata at pag-aalaga ng bata. Ito ay tumutukoy sa paniniwala ng mga magulang tungkol sa:**

A. Kung paano lumalaki at umuunlad ang mga bata, ang kanilang mga paniniwala tungkol sa kung ano ang kailangan ng mga bata mula sa mga magulang. Halimbawa: Ang pagbibigay ng pangunahing pangangailangan ng bata sa kanyang paglaki tulad ng sapat na pagkain, proteksyon, pakiramdam ng kaligtasan habang ito ay lumalaki.

B. Kung paano lumalaki at umuunlad ang mga bata, ang kanilang mga paniniwala tungkol sa kung ano ang kailangan ng mga bata mula sa mga magulang. Halimbawa: Ang pagbibigay ng pangunahing pangangailangan ng bata sa kanyang paglaki tulad ng sapat na pagkain, proteksyon, pakiramdam ng kaligtasan habang ito ay lumalaki.

C. Kanilang mga paniniwala tungkol sa tiyak, kanais-nais na mga resulta ng pagpapalaki ng anak. Halimbawa: Inaasahan ng magulang na sa pamamagitan ng pagtuturo ng pagdadasal at pagbabasa ng mga kwentong may aral, ang bata paglaki ay makikitaan ng paggalang, takot sa Diyos, at pagiging mabuti sa kapwa.

D. Kanilang mga paniniwala tungkol sa pagiging epektibo ng mga partikular na kasanayan sa pagpapalaki ng anak sa pagtataguyod ng ninanais na mga resulta. Halimbawa: Naniniwala ang magulang na ang positibong pagdidisiplina sa anak ay may mabuting resulta sa pag-uugali ng bata habang ito ay lumalaki.

3 **Mga paniniwala tungkol sa mga tungkulin upang masuportahan ang pag-aaral ng bata sa tahanan.** Tumutukoy ito sa paniniwala na ang magulang ay may tungkulin sa pag-aaral ng anak kahit na naniniwalang ang edukasyon ay hinuhubog sa paaralan. Halimbawa: Ang pag-aasikaso sa anak tuwing umaga upang makapasok nang maaga ang bata sa paaralan, ang pagbibigay ng mga kagamitan sa pag-aaral, ang pagpapanood ng mga educational shows sa tahanan, ang paglalaan ng oras sa anak upang ito ay tulungan sa takdang-aralin o turuang magbasa. Ang mga simpleng gawain bilang magulang upang makatugon sa pangangailangang pagkatuto ng anak ay may malaking impluwensya upang mas maging ganap ang paggabay sa pag-aaral ng anak.




## Pag-Isipan Natin

Tukuyin ang pansariling pagpapahalaga o value, paniniwala o belief, layunin o goal, at inaasahan o expectation bilang magulang tungkol sa pag-aaral ng iyong anak. Maaaring tanungin ang iyong asawa o partner upang mas matukoy ang mga ito. Gawin ito sa "Kwadrado ng Pagbuo ng Tungkulin"

### "Kwadrado ng Pagbuo ng Tungkulin"

| | |
|---|---|
| Pagpapahalaga o Value<br>(Gaano kahalaga ang edukasyon o pag-aaral ng iyong anak?) | Paniniwala o Belief<br>(Ano ang iyong paniniwala tungkol sa pag-aaral ng iyong anak?) |
| Layunin o Goal<br>(Ano ang iyong layunin bilang magulang tungkol sa pag-aaral ng iyong anak?) | Inaasahan o Expectations<br>(Ano ang iyong inaasahang resulta ng iyong mga ginagawa para sa pag-aaral ng iyong anak?) |

## Pag-usapan Natin



Ngayong natukoy mo na ang iyong pagpapahalaga, paniniwala, layunin, at inaasahan, hindi natin maiiwasan ang iba't ibang uri ng hamon o problema na maaaring makaapekto sa ating pagganap ng tungkulin.

**Sa kasalukuyang pag-aaral ng iyong anak, ano-ano ang mga problemang kinakaharap mo bilang magulang o tagapag-gabay sa kaniyang pag-aaral?**

**Panuto:** Ilista ang mga kasalukuyang problema o hamon na nakakaapekto sa pagganap ng tungkulin bilang magulang para sa pag-aaral ng anak. Gawin ito sa unang hanay o column. Sa ikalawang hanay naman, isulat kung paano mo ito nalampasan o paano mo ito malalampasan.


| Mga hamon o problemang nakakaapekto sa pagganap ng tungkulin bilang magulang para sa pag-aaral ng anak | Paraan kung paano nalampasan o malalampasan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |



## Pagyamanin Natin

# Kapa ng Tungkulin

**Panuto:** Gumuhit ng larawan o imahe na nagsisimbolo sa iyong: 1) pagpapahalaga (value), 2) paniniwala (belief), 3) layunin (goal); at 4) inaasahan (expectation) patungkol sa pag-aaral ng iyong anak sa loob ng kapa. Ipaliwanag ang simbolo o larawan sa pamamagitan ng 1-3 pangungusap.




Paliwanag:

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

## Ibahagi Natin



- Ipakita at ipabasa sa anak, asawa, o sinumang kasama sa bahay ang iginuhit na larawan o imahe na may kasamang pagpapaliwanag.
- Tanungin sila ng feedback o comment at isulat sa ibaba ang kanilang feedback o comments.

## Tayahin Natin

**Panuto: Tukuyin kung ano ang mga nakakaimpluwensya upang mabuo ang tungkulin ng isang magulang para sa pag-aaral ng anak batay sa mga sumusunod na sitwasyon.**

**Mga pagpilian:** Paniniwala, Pagpapahalaga, Layunin, Inaasahan

| |
|---|
| 1.________________________ Natutunan ni Aling Maria mula sa kapwa magulang na ang pagdidikit ng mga alphabet poster sa kwarto ay makakatulong upang mas maagang matutong magbasa ang kanyang anak. |
| 2.________________________ Palaging ginigising nang maaga ni Tatay Ruben ang kanyang anak upang hindi ma-late sila sa pagpasok sa paaralan. |
| 3.________________________ Ninanais ng mag-asawang Santos na makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang mga anak kaya naman sinisikap nilang maibigay ang pangangailangan ng mga ito sa pag-aaral. |
| 4.________________________ Tiwala si Nanay Val na magiging isang mahusay na journalist ang kanyang anak balang araw, kaya naman sinusuportahan niya ang paglahok ng anak sa Journalism Camp. |

**Key answers:**
1. Paniniwala
2. Pagpapahalaga
3. Layunin
4. Inaasahan

# Modyul 2-B: Pagpapatibay ng isang Malusog na Pagtutulungan ng Magulang at Guro



## Layunin

Hello mga Super Gabay! Nabusog ka ba sa mga aral na natutunan mo sa unang module? Tiyak na mas mabubusog ka pa ngayon para sa Sub-Module 2 dahil tutulungan ka nitong linawin ang iyong responsibilidad bilang magulang nang sa gayon mas tumibay pa ang iyong koneksyon sa iyong anak.

Upang makamit mo ang Super Power na Konektadong Gabay, inaasahan sayo na:

1. Mailahad ang mga ideya ng mga magulang o tagapag-alaga tungkol sa kanilang responsibilidad at aktwal na ginagawa o pag-uugali para sa pang-araw-araw na edukasyon ng kanilang anak;
2. Mailarawan ang isang malusog o maayos na pagtutulungan ng magulang at guro para sa maayos na pagkatuto ng anak;
3. Mailista ang mga simpleng hakbang upang simulan o ipagpatuloy ang maayos na pagtutulungan ng magulang at guro.

**Ready ka na ba? Tara na!**

## Balikan Natin

### Iranggo natin!

Bilang magulang, alin sa 4 na sangkap ng pagbuo ng tungkulin: **value, belief, goal, and expectation** ang pinakamahalagang unang dapat matukoy sa iyong sarili? Pagsunod-sunurin ang apat na sangkap ayon sa pinakamahalaga. Ipaliwanag ang iyong naging sagot.

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________
4. ____________________________

**Paliwanag**

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

## Gawin Natin

Panuto:

1. Isipin ang mga responsibilidad mo bilang magulang o tagapag-alaga tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Isulat ito sa loob ng kahon 1.
2. Magtanong sa ibang kasama sa bahay (asawa, magulang, kapatid, anak) ng responsibilidad mo bilang magulang o tagapag-alaga tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Isulat ito sa loob ng kahon 2.
3. Isipin ang iyong pag-uugali o mga ginagawa bilang magulang tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Isulat ito sa loob ng kahon 3.
4. Magtanong sa ibang kasama sa bahay (asawa, magulang, kapatid, anak) kung ano ang iyong pag-uugali o mga ginagawa bilang magulang tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Isulat ito sa loob ng kahon 4.



| | Sa aking palagay bilang magulang o tagapag-alaga | Sa tingin ng ibang kasamahan sa bahay |
|---|---|---|
| Responsibilidad | 1. | 2. |
| Pag-uugali | 3. | 4. |

## Simulan Natin

### Anim (6) na Paraan ng Pagtutulungan ng Magulang at Guro para sa Pag-aaral ng Anak ayon kay Dr. Joyce Epstein.

Si Dr. Joyce Epstein ng Johns Hopkins University ay bumuo ng isang balangkas para sa pagtukoy ng anim na magkakaibang uri ng pakikilahok o pakikipagtulungan ng magulang sa pag-aaral ng anak.

- Pagiging Magulang o Parenting
- Pakikipag-usap o Communicating
- Pagboboluntaryo o Volunteering
- Pag-aaral sa Tahanan o Learning at Home
- Paggawa ng desisyon o Decision-making
- Pakikipagtulungan sa Komunidad o Collaborating with Community

Inilalarawan sa loob ng kahon ang 6 na paraan ng pagtutulungan ng magulang at guro para sa pag-aaral ng anak. Habang binabasa ang bawat uri ng pakikilahok, isipin kung alin sa mga sumusunod ang inyong nagawa na. Pag-isipan din kung alin sa mga sumusunod ang sa tingin mong kailangan mong linangin pa bilang magulang.

| Paraan ng Pagtutulungan | Halimbawang gawain |
|---|---|
| **1. Pagiging Magulang o Parenting**<br><br>- Tumutukoy ito sa pagbuo ng kapaligiran sa tahanan upang suportahan ang mga bata bilang mga mag-aaral. Layunin nito na lumaking masaya at malusog ang anak upang magkaroon ng kakayahang mag-aral nang mag-isa. | • Panonood ng mga videos o pagbabasa ng tungkol sa pagpapalaki o paggabay ng anak na nakabatay sa edad at grade level.<br>• Paglahok sa mga usapin o seminar sa paaralan tungkol sa kung paano mas magagabayan ang bata na lumaking malusog at masaya. |
| **2. Pakikipag-usap o Communicating**<br><br>- Tumutukoy ito sa pagbuo ng epektibong paraan ng pakikipag-usap o pakikipag-ugnayan ng tahanan sa paaralan tungkol sa mga programa ng paaralan at pag-unlad ng anak. | • Paglahok sa taunang parent-teacher conference o meeting.<br>• Pagkakaroon ng regular na pangangamusta sa mga guro ng anak tungkol sa pag-aaral at iba pang programa sa paaralan.<br>• Pagbabasa at pagtugon ng mga mensahe ng guro o ng paaralan tungkol sa mga programa ng paaralan. |

| | |
|---|---|
| **3. Pagboboluntaryo o Volunteering**<br><br>- Tumutukoy ito sa pagtulong o pakikilahok sa mga boluntaryong gawain sa paaralan na may kinalaman sa ika-uunlad ng bata. | • Paglalaan ng oras o panahon sa paaralan upang tumulong sa mga gawain katulad ng paglilinis ng banyo, silid-aralan, pagsasa-ayos ng mga aklat, upuan, mga kagamitan, at iba pa.<br>• Boluntaryong pagbibigay ng ambag o kontribusyon sa mga proyektong ginagawa ng paaralan para sa ikabubuti ng mga bata.<br>• Pagtulong sa guro upang matulungan maturuang magbasa ang ibang mga batang hindi pa gaanong bihasa sa pagbabasa. |
| **4. Pag-aaral sa Tahanan o Learning at Home**<br><br>- Tumutukoy ito sa paggabay ng magulang sa anak sa kanilang pag-aaral habang nasa bahay katulad ng takdang-aralin, proyekto, performance task, at iba pang aralin na gagawin sa bahay. | • Inaasahan sa magulang kung ano ang hangganan o limitasyon ng pagtulong ng magulang sa anak sa kanyang takdang aralin.<br>• Paglalaan ng oras at talino upang matulungan ang anak na mas maunawaan ang gagawin sa takdang-aralin.<br>• Pagbibigay ng mga kinakailangang kagamitan upang magawa ang mga takdang-aralin.<br>• Pagbuo ng set of activities pagkauwi sa bahay mula sa paaralan. |
| **5. Paggawa ng desisyon o Decision-making**<br><br>- Tumutukoy ito sa pakikilahok ng magulang sa mga desisyon sa paaralan, paglinang sa pagiging parent-leader at representante sa desisyong gagawin sa paaralan na may kinalaman sa anak. | • Aktibong pagdalo sa mga PTA meetings.<br>• Pakikilahok sa mga kinakailangang desisyon tulad ng pagboto sa election ng PTA at iba pang ordinansang nais ipatupad sa paaralan. |
| **6. Pakikipagtulungan sa Komunidad o Collaborating with Community**<br><br>- Tumutukoy ito sa pag-coordinate ng mga mapagkukunan at serbisyo mula sa komunidad para sa mga pamilya, mag-aaral, paaralan, at magbigay ng mga serbisyo sa komunidad. | • Pagtulong sa paglaganap ng impormasyon para sa mga mag-aaral at pamilya tungkol sa mga programang pangkalusugan, kultural, libangan, at iba pang serbisyong pampubliko sa bayan.<br>• Paglahok sa iba't ibang grupo o pangkat upang magsagawa ng mga aktibidad sa komunidad na nag-uugnay sa mga kasanayan at talento sa pag-aaral, kabilang ang mga programa tuwing bakasyon o summer program para sa mga mag-aaral. |

## Pag-isipan Natin



**Panuto:**

1. Maghanap ng larawan sa Facebook o sa iyong cellphone na nagpapakita ng iyong pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak.
2. Isulat sa ibaba ang ipinapakita ng larawan at sagutin ang tanong.

Ano ang naging resulta ng iyong pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak?

**Tungkol sa larawan:**

..............................................................

..............................................................

..............................................................

**Resulta ng pakikipagtulungan:**

..............................................................

..............................................................

..............................................................

## Pag-usapan Natin

Panuto:

1. Balikan ang mga pagkakataon o activity na ikaw ay nakipagtulungan o nakipag-ugnayan sa guro ng iyong anak. Maaaring gamitin ang larawang ginamit sa "Pag-isipan Natin".
2. Magpadala ng isang maikling mensahe para sa guro ng iyong anak tungkol sa iyong magandang karanasan sa pakikipagtulungan sa kaniya.

Halimbawa:
Noong ikaw ay humingi ng payo sa guro ng iyong anak upang maturuan itong magbasa sa bahay.

### Mensahe para sa guro:

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

## Pagyamanin Natin

# Small Steps


- Maglista ng 3 hanggang 5 bagay na madali o maaaring simulan agad upang mas mapagtibay ang iyong pakikipagtulungan sa guro para sa pag-aaral ng iyong anak.
- Halimbawa: Palagiang pangangamusta sa anak tungkol sa kanyang natutunan sa klase.

1. ------------------------------------------------
   ---------------------------------------------

2. ------------------------------------------------
   ---------------------------------------------

3. ------------------------------------------------
   ---------------------------------------------

4. ------------------------------------------------
   ---------------------------------------------



5. ------------------------------------------------
   ---------------------------------------------



## Ibahagi Natin



Ipakita sa asawa o kaibigang magulang ang iyong mga inilistang hakbang upang mas mapagtibay ang iyong pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak. Humingi ng opinyon mula sa kanila. Pag-isipan ang binanggit nilang opinyon kung ito ba ay naaayon sa iyo.

Maaaring ilista sa iyong journal ang mga hakbang upang ito ay mabasa mo pa sa mga susunod pang panahon.

## Tayahin Natin

Panuto:

Alamin sa mga sumusunod na halimbawa kung anong paraan ng pagtutulungan ang pinapakita ng bawat sitwasyon. Tingnan sa loob ng kahon ang mga pagpipilian.

Mga pagpipilian:

| | | |
|---|---|---|
| Paggawa ng desisyon | Pagiging magulang | Pagboboluntaryo |
| Pag-aaral sa tahanan | Pakikipag-usap | Pakikipagtulungan sa komunidad |

1. ___________________________ Tumulong si Nanay Josie sa mga kagawad ng barangay upang makalikom ng pondo para sa mini library ng paaralan ng anak niya.
2. ___________________________ Bumuo ng isang plano ng pag-aaral ang nanay ni Rafael upang kanilang susundin kapag nasa bahay na ito.
3. ___________________________ Naka-schedule sa Martes ang pagpunta ni Aling Baby sa school upang tumulong sa pagsasa-ayos ng Gulayan sa Paaralan katulong ang iba pang magulang ng Grade 5 - Earth.
4. ___________________________ Bago kay Cynthia ang pagiging tagapag-alaga ng pamangking naulila sa magulang. Kaya naman, sumangguni siya sa mga guro ng kanyang pamangkin kung ano ang mga angkop na paraan sa paggabay sa pag-aaral at paglaki ng kanyang pamangking sampung–taong gulang na.
5. ___________________________ Palaging nangangamusta si Tatay David sa bagong guro ni Vincent. Masipag ding sumagot sa mga mensahe ng guro si Tatay David upang mas magabayan nito ang bata sa bahay.

Key Answers: 1. Pakikipagtulungan sa komunidad, 2. Pag-aaral sa tahanan, 3. Pagboboluntaryo, 4. Pagiging magulang o tagapag-alaga, 5. Pakikipag-usap

# Modyul 2-C: Ugnayang Magulang / Tagapag-alaga at Guro



## Layunin

Hello mga Super Gabay! Marami ka na bang napupulot na aral mula sa mga modules na ito? Hindi pa natatapos diyan ang ating pagdiskubre sa sarili kung ano pa ang maaari nating magawa para sa ating mga anak. Kaya naman, para sa Sub Module 3 na ito, mas palalalimin pa natin ang ating ugnayan sa guro ng ating anak sa pamamagitan ng pagiging konektado!

Upang makamit natin ang Super Gabay Power na ito, kinakailangan mong:

1. Mabalikan ang mga pagkakataon ng iba't-ibang uri ng imbitasyon sa guro, paaralan, at anak upang mas mapabuti ang pag-aaral ng anak;
2. Matukoy ang mga pansaraling kalakasan at kahinaan sa paggamit ng digital tools at pakikipag-usap o ugnayan sa guro ng anak;
3. Makabuo ng hakbang para mas mapaunlad ang kakayahan sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa guro ng anak.

**Ready na? Aha! Aha!**

## Sub Module 3
## Balikan Natin

Ating balikan ang mga paraan ng pakikipagtulungan sa guro ng anak na ating natutunan sa Sub Module 2. Magbigay ng tig-isang paraan upang maipakita ang pakikipag-tulungan sa guro para sa pag-aaral ng anak.

| Uri ng pakikilahok o pakikipag-tulungan | Mga paraan na maaaring gawin |
|---|---|
| Pagiging Magulang o Parenting | |
| Pakikipag-usap o Communicating | |
| Pagboboluntaryo o Volunteering | |
| Pag-aaral sa Tahanan o Learning at Home | |

| Uri ng pakikilahok o pakikipag-tulungan | Mga paraan na maaaring gawin |
|---|---|
| Paggawa ng desisyon o Decision-making | |
| Pakikipagtulungan sa Komunidad o Collaborating with Community | |

## Gawin Natin



**Imbitado Ka!**

Maraming pagkakataon na ikaw bilang magulang ay naimbitahan na ng guro, paaralan, o ng iyong anak upang maging bahagi ng pag-aaral o edukasyon ng iyong anak.

Panuto: Magbigay ng tig-isang pangyayari na ikaw ay inimbitahan ng guro, paaralan, o ng iyong anak upang maging bahagi ng pag-aaral ng iyong anak.

| Imbitasyon mula sa guro | Imbitasyon mula sa paaralan | Imbitasyon mula sa anak |
|---|---|---|
| | | |

Alin sa mga pangyayaring imbitasyon ang pinakamadali o pinakamabilis mong ginampanan? Bakit?

Alin naman sa mga pangyayaring imbitasyon ang nahirapan kang gampanan kaagad? Bakit?

## Simulan / Alamin Natin

### Dahilan ng Matagumpay na Pakikipagtulungan sa Guro ng Anak

Ayon sa isang pag-aaral, malaki ang impluwensya ng imbitasyon ng paaralan, guro, at ng anak upang mas mapaunlad ang pagkatuto ng bata. Ang mga magulang ay isang mahalagang ugnayan sa pagitan ng mga bata at paaralan. Ang kahalagahan ng isang malusog at matibay na samahan sa pagitan ng mga magulang at iba pang tagapag-alaga sa mga guro ay isang kilalang-kilala at pinag-aaralan na paksa sa edukasyon. Napatunayan ng lahat ng pag-aaral na ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga magulang at guro ay nagpapabuti sa tagumpay ng mga bata sa akademiko, mga gawi sa trabaho o work habits, mga kasanayan sa lipunan at emosyunal na kagalingan.



## Simulan / Alamin Natin



Nais ng lahat ng mga magulang at iba pang tagapag-alaga ang pinakamahusay para sa kanilang mga anak. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga guro, maaari silang mag-ambag sa pag-aaral at kapakanan ng kanilang mga anak. Ang mga hinihingi ng sistema ng edukasyon sa "new normal" ay nangangailangan ng mga magulang na gumanap ng maraming bahagi na papel sa pagliit ng epekto ng pandemya sa akademikong pagganap at kagalingan ng kanilang mga anak. Ilan sa mga dahilan ng matagumpay na pakikipagtulungan sa mga guro ay matatagpuan kung saan ang isang magulang ay isang:

### Mabuting tagapagsalita o good communicator

Dapat ibahagi ng mga magulang sa guro ang kanilang mga alalahanin tungkol sa edukasyon ng kanilang anak. Dapat din nilang ipaalam sa guro kung ang bata ay may anumang espesyal na pangangailangan sa edukasyon o kapansanan at nangangailangan ng karagdagang tulong.




### Aktibong Tagapag-alaga

Bilang isang pangunahing tagapag-alaga, ang mga magulang ay dapat magbigay ng isang lugar sa kanilang tahanan para sa kanilang mga anak na makapag-aral at lumikha ng isang kapaligiran na kaaya-aya sa pag-aaral sa tahanan.



### Routine builder

Ang mga guro ay nangangailangan ng tulong ng mga magulang upang matiyak na ang kanilang mga mag-aaral ay patuloy na lumalahok sa mga distance learning activities at kumpletuhin ang kanilang mga nakatalagang gawain sa oras at sa abot ng kanilang makakaya. Sa partikular, nasa mga magulang na pamahalaan ang timetable ng mga aralin ng kanilang anak at tiyakin na nakakasabay sila sa kanilang mga gawain sa paaralan. Sa pampublikong paaralan, mayroon tayong Weekly Learning Plan kung saan nakalagay ang iba't-ibang gawain kada araw.







## Mapagbantay na tagapag-alaga o vigilant guardian

Ang mga magulang ay dapat gumawa ng makatwirang aksyon upang protektahan ang kanilang mga anak mula sa panganib sa online, kabilang ang laban sa mga paglabag sa kanilang karapatan sa privacy, pati na rin ang cyberbullying, sexting at iba pang anyo ng harassment. Bukod sa pagkontrol ng magulang, dapat makipag-usap ang magulang sa kanilang anak tungkol sa kung paano manatiling ligtas sa online – kabilang ang magmungkahi ng gabay. Sa partikular, iminumungkahi ng mga tagapagturo na ang mga bata ay hindi dapat iwanang walang nag-aalaga online sa loob ng ilang oras. Dapat na regular na suriin ng mga magulang at tagapag-alaga ang mga ito at ang nilalaman na kanilang pinapanood.

## Magiliw na guro

Kung maaari, dapat tulungan ng mga magulang ang mga bata kapag may problema sila sa mga gawain sa pag-aaral. Dapat ituro ng mga magulang sa mga anak ang kahalagahan ng pagsasagawa ng kalinisan at pagpapanatili ng mabuting kalusugan. Kailangang turuan ng mga magulang ang mga bata na manatiling positibo at bumuo ng mga kasanayan sa buhay na kinakailangan upang mabuhay at umunlad sa mga panahon ng krisis.



## Komunikasyon sa Guro ng Anak

Bukod sa pagpapabuti ng direksyon ng pag-aaral ng mga bata, nakikinabang din ang mga matatanda sa partnership na ito. Kapag nagtutulungan sila, ang mga magulang at guro ay nasa parehong pahina upang suportahan ang mga pag-uugali at pag-aaral ng mga bata. Matututo silang makipag-usap nang mabisa at bumuo ng isang malusog na relasyon sa isa't isa.

Narito ang ilan sa mga maaaring gawin upang maging mabisa ang komunikasyon sa guro ng anak:

### Magtakda ng Layunin

1

Makipag-usap sa guro ng iyong anak nang maaga upang magtakda ng inaasahan. Magsimula sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanya na gusto mong mag-ambag sa edukasyon ng iyong anak at hatiin ang trabaho. Halimbawa, banggitin o pag-usapan niyo agad ng guro ng anak ang inyong layunin para sa pag-aaral ng anak sa simula pa lang ng araw ng klase.

### Magtakda ng Channel para sa Komunikasyon

2

Ang ilang kapaki-pakinabang na paraan ng pakikipag-usap ay kinabibilangan ng: pagpapadala ng mga tala sa paaralan kasama ang iyong anak, pakikipagpalitan ng mga numero sa mga guro, pag-post sa Facebook Page ng paaralan o iba pang mga pamamaraan upang maipabatid ang iyong mensahe para sa guro at paaralan. Upang manatili sa parehong pahina, talakayin ang mga gustong channel o paraan sa mga guro ng iyong mga anak.

### Malinaw at Napapanahon

3

Ang madalas na komunikasyon ng guro at magulang ay mahalaga upang manatiling updated sa mga nangyayari sa paaralan. Kung may nababalitaang programa sa paaralan, mangyaring magtanong kaagad sa paaralan kung paano makakalahok ang anak.

### Gabay sa Pagpupulong ng Magulang

4

Kapag dumadalo sa mga pagpupulong ng magulang at guro, tiyaking tinatalakay mo ang tungkol sa mga pagsisikap at pag-uugali ng iyong anak. Ibahagi sa mga guro ang tungkol sa mga lakas at hamon ng iyong anak (strengths and challenges), mga gusto at hindi gusto at iba pang bagay na gusto mong mapansin o malaman ng mga guro.

## Digital Communication

Sa modernong panahon ngayon, mas ginagamit na ang digital tools o technologies upang makipag-usap ang magulang sa guro ng anak. Madalas gamitin ngayon ang mga sumusunod:

- SMS o short message service
- Messaging apps katulad ng Messenger, Telegram, Viber, Instagram Chat
- E-mail
- Facebook page ng paaralan
- Website ng paaralan
- Meeting apps katulad ng Google Meet, Zoom, Microsoft Teams



Maliban sa SMS, ang mga nabanggit na digital tools ay kinakailangan ng internet o mobile data upang maipadala ang mensahe. Upang mas epektibo ang pakikipag-usap sa guro ng anak, mas mainam gamitin ang mga meeting apps na kinakailangan ang video calls sapagkat dito ay mas maipaliliwanag ang mga katanungan ng magulang sa guro. Ito ring mga meeting apps ay kinakailangan ng mas malakas na internet o mobile data upang hindi maputol ang pag-uusap.



## Pag-isipan Natin


Gamit ang mga digital tools o technology na iyong madalas na ginagamit, ating pag-isipan ang mga pagkakataon na ginamit natin ito upang makipag-usap sa guro ng iyong anak. Ilista sa unang hanay ang mga digital tools na ginamit at ang dahilan kung bakit ito ginamit.

| Digital Tools | Dahilan ng Paggamit |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |

**Mula sa sinulat na mga dahilan ng paggamit ng digital tools, ano-ano ang mga naging resulta ng paggamit nito sa pagiging mabuting tagapag-gabay sa pag-aaral ng iyong anak?**

## Pag-usapan Natin

## Online Kumustahan



- Kung mayroong kakayahang makipag-usap gamit ang Google Meet o Messenger Call, makipag video call sa iba pang mga magulang at pag-usapan ang pansariling kalakasan (strengths) at kahinaan (weaknesses) para sa mabisang komunikasyon sa guro ng anak. Kung walang kakayahang makipag-usap gamit ang meeting apps, maaaring makipag-chat sa 2 o 3 kapwa magulang upang alamin ang kanilang kalakasan at kahinaan.
- **Mga gabay na tanong sa online kumustahan:**
    - Ano-ano ang inyong strengths o kalakasan pagdating sa paggamit ng digital tools at pakikipag-usap sa guro ng anak?
    - Ano-ano ang inyong weaknesses o kahinaan pagdating sa paggamit ng digital tools at pakikipag-usap sa guro ng anak?

## Pagyamanin Natin


Panuto: Suriin ang sariling kalakasan at kahinaan pagdating sa pakikipagtulungan sa mga guro ng iyong anak. Maaaring balikan ang mga konseptong tinalakay sa Simulan Natin. Pagkatapos matukoy ang mga ito, sagutin ang mga pamprosesong tanong.

| Strengths o Kalakasan | Weaknesses o Kahinaan |
|---|---|
| | |

Ano ang gagawin mo upang mapanatili ang iyong mga strengths o kalakasan?

Paano mo kakaharapin ang iyong weaknesses o kahinaan?

## Ibahagi Natin



- Ibahagi sa iyong asawa o kapwa magulang o tagapag-alaga ang iyong mga hakbang o gagawin upang mapanatili ang iyong mga strengths at mabawasan ang iyong mga weaknesses.
- Isulat sa iyong journal ang mga hakbang na ito upang mabalikan mo pa ito bilang gabay.

## Tayahin Natin

**TAMA o MALI?**

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap at tukuyin kung ito ay tama o maling gawin ng isang magulang sa pakikipag-ugnayan o pakikipag-usap sa guro ng anak.

1. _________________ Isang OFW si Tatay Ruben at nais niyang makausap ang guro ng kanyang anak sa pamamagitan ng Zoom tungkol sa problema ng anak sa pag-unawa sa aralin.
2. _________________ Alas-dose na ng hating-gabi nang tumawag sa Messenger si Nanay Betty kay Teacher Dalia upang sabihin na hindi ito makakapasok bukas sa paaralan.
3. _________________ Sa Instagram nakikipag chat si Tito Cesar kay Teacher Camille upang sabihin ang mga strengths ng kanyang pamangkin kahit Messenger chat ang tinakda nilang channel ng komunikasyon.
4. _________________ Nais ni Teacher Camille makipagpulong sa mga magulang ng Grade 5 - Earth sa pamamagitan ng Zoom. Subalit hindi marunong gumamit ng Zoom si Nanay Betty. Humingi siya ng tulong sa kanyang pamangkin upang makadalo sa online meeting.
5. _________________ Mahina ang signal at walang internet connection sa bahay nina Tito Emil kaya sa pamamagitan ng SMS text niya pinaabot ang kanyang mensahe sa guro ni Bash.



# Modyul 2-D: Pagtutulungan ng Magulang / Tagapag-alaga at Guro Tungo sa Matagumpay na Pag-aaral ng Anak



## Layunin

Hello mga Super Gabay! Narito ka na sa ika-apat na Sub Module upang mas maging ganap ang iyong koneksyon at pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak. Palaging tandaan na ang lahat ng ating pinag-aaralan ngayon ay para sa ikabubuti ng ating mga anak. Kaya naman, huminga ng malalim, ngumiti tayo, at mag-isip ng magagandang bagay para sa ating anak ngayon.

Upang makamit natin ang Super Gabay Power na ito, kinakailangan mong:

1. Matukoy ang pansariling pananaw sa konteksto ng pagiging magulang;
2. Mailahad ang iba't ibang paraan ng pakikipagtulungan sa guro ng anak batay sa sitwasyon gamit ang Parent-Teacher Partnership Tracker;
3. Makabuo ng isang Priority Matrix para maging sanggunian sa paggabay sa anak na nag-aaral.

**Ready na? Aha! Aha!**

## Balikan Natin!

Magbigay ng 3 paraan para sa mabisang komunikasyon sa guro ng iyong anak.

1.

2.

3.



## Gawin Natin!

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap at lagyan ng akmang bilang o rating ang bawat pangungusap ayon sa iyong pagsang-ayon.

Lubos na sumasang-ayon --------------------------- 5
Sumasang-ayon ------------------------------------ 4
Pagitan ng sang-ayon sa hindi sang-ayon --------- 3
Hindi sang-ayon --------------------------------------2
Lubos na hindi sumasang-ayon --------------------- 1

### Unang Bahagi: Oras at Enerhiya o Lakas

| Pangungusap | Rating |
|---|---|
| Mayroon akong sapat na oras at enerhiya upang... | |
| 1. Epektibong makipag-usap sa aking anak tungkol sa araw ng pag-aaral. | |
| 2. Tumulong sa paaralan ng aking anak. | |
| 3. Mabisang makipag-usap sa guro ng aking anak. | |
| 4. Dumalo sa mga gawain o activities sa paaralan. | |
| 5. Tulungan ang aking anak sa takdang-aralin. | |
| 6. Pangasiwaan o i-supervise ang paggawa ng takdang-aralin ng aking anak. | |

## Gawin Natin!

### Ikalawang Bahagi: Kaalaman at Kakayahan

| Pangungusap | Rating |
| --- | --- |
| 1. Alam ko ang tungkol sa mga pagkakataong makapagboluntaryo sa paaralan ng aking anak. | |
| 2. Alam ko ang mga espesyal na gawain o pangyayari sa paaralan ng aking anak. | |
| 3. Alam ko ang mga epektibong paraan para makipag-ugnayan sa guro ng aking anak. | |
| 4. Alam ko kung paano epektibong makipag-usap sa aking anak tungkol sa araw ng pag-aaral. | |
| 5. Alam ko kung paano ipaliwanag sa aking anak ang kanyang takdang-aralin. | |
| 6. Sapat na ang alam ko tungkol sa mga paksa ng takdang-aralin ng aking anak upang matulungan siya. | |
| 7. Alam ko kung paano epektibong makipag-usap sa guro ng aking anak. | |
| 8. Alam ko kung paano pangasiwaan ang takdang-aralin ng aking anak. | |
| 9. Mayroon akong mga kasanayan upang tumulong sa paaralan ng aking anak. | |

**Magtungo sa sunod na pahina upang malaman ang kahulugan ng iyong ginawang paglalagay ng rating.**

## Gawin Natin!

**Pamprosesong tanong:**

- Kumusta ang iyong pagbibigay ng rating o puntos sa sarili mo sa bawat pangungusap?
- Alin sa mga pangungusap ang nilagyan mo ng 4 o 5? Guhitan ng bituin ang bilang na ito.
- Alin sa mga pangungusap naman ang nilagyan mo ng 3, 2, o 1? Maaari mong bilugan ang mga pangungusap na ito para ito ang maging gabay mo upang mapaunlad pa ang iyong kakayahan at kaalaman tungkol sa paggabay sa iyong anak bilang ka-partner ng guro sa pag-aaral ng iyong anak.

### Interpretasyon ng bawat rating:

Kapag 4 o 5 ang nilagay mong rating sa pangungusap sa Unang Bahagi, nangangahulugan itong may sapat na oras at gana ka upang tulungan o maging bahagi sa pag-aaral ng anak mo. Gayundin, para sa Ikalawang Bahagi, nangangahulugan itong mataas ang iyong kakayahan at kaalaman upang tulungan o maging bahagi sa pag-aaral ng iyong anak. Ang mga pangungusap na may rating na 4 at 5 ay dapat ipagpatuloy pa.

Subalit, kapag 1, 2, at 3 ang nilagay mong rating sa Unang Bahagi, nangangahulugan ito na kailangang humanap ng paraan upang maglaan ng oras sa anak at subukan ang pagsasagawa ng mga ito. Para sa Ikalawang Bahagi, nangangahulugan ito na kinakailangang pagtuunan ng pansin sa iyong sarili bilang magulang o tagapag-alaga ng anak na nag-aaral.

YOU CAN DO IT!

## Simulan / Alamin Natin

Para sa sub-module na ito, nilalayon nitong matulungan ka pa upang mapabuti ang iyong ugnayan at pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak. Natutunan mo sa Synchronous Training ang iba't ibang modelo o gabay tungkol sa pagtutulungan ng magulang at guro para sa pag-aaral ng anak. Ngayon naman ay ating babalikan ito upang matukoy ang konkretong paraan na maaaring gawin natin bilang magulang.

### Parent-Teacher Partnership Models

| Mga modelo | Praktikal na Maaaring Gawin ng Magulang |
|---|---|
| 1. **Protective Model**<br>• Layunin ng modelong ito ay maiwasan ang salungatan sa pagitan ng mga guro at magulang sa pamamagitan ng pagpapanatiling magkahiwalay ang pagtuturo at pagiging magulang (Swap, 1993).<br>• Layunin nito na protektahan ang paaralan mula sa panghihimasok ng mga magulang pagdating sa kanilang mga paraan ng pagtuturo. Ang responsibilidad ng guro ay turuan ang mga bata, habang ang responsibilidad ng magulang ay tiyakin na ang mga bata ay makakarating sa paaralan sa tamang oras kung kinakailangan. | • Maagang pakikipag-usap sa guro upang linawin ang hangganan o limitasyon ng tungkulin ng guro at ng magulang para sa bata.<br>• Maaaring pag-usapan ng magulang at ng guro kung ano-ano ang inaasahang gagawin ng bawat isa para sa pag-aaral ng bata. Halimbawa: Sisikapin ng magulang na tiyaking kumpleto ang kagamitan ng anak sa pag-aaral. |
| **2. Consumer Model**<br>• Ang mga guro ay gumaganap bilang higit na isang consultant habang ang mga magulang ay nagpapasya kung anong aksyon ang dapat gawin. | Kapag hindi gaanong maunawaan ang paksa sa takdang-aralin, mas mabuting sumangguni sa guro upang mas maipaliwanag ito. |

## Parent-Teacher Partnership Models

| Mga modelo | Praktikal na Maaaring Gawin ng Magulang |
|---|---|
| • Ang responsibilidad ng paggawa ng desisyon ay nakasalalay sa mga balikat ng mga magulang, ngunit responsibilidad ng mga guro na magbigay sa mga magulang ng makabuluhang impormasyon at mga opsyon na magagamit.<br>• Dahil ang mga magulang ang may kontrol sa proseso ng paggawa ng desisyon, mas malamang na masiyahan sila sa mga serbisyong natatanggap nila, mas kumpiyansa sa kanilang pagiging magulang, at hindi gaanong umaasa sa mga propesyonal. | • Maaaring humingi ng mga opsyon o suhestiyon sa guro kung ano ang maaaring gamiting aklat na babasahin tuwing walang pasok. Sa pagpili ng aklat, mas alam ng guro kung ano ang nararapat na basahing aklat ng bata upang ito ay maging tugma sa kaniyang paglaki at kasalukuyang tinuturo sa klase. |
| **3. Partnership Model**<br>• Sa modelong ito, ang mga guro ay itinuturing na mga eksperto sa edukasyon at ang mga magulang ay tinitingnan bilang mga eksperto sa kanilang mga anak (Hornby, 2001).<br>• Ang layunin ay magtatag ng isang partnership kung saan ang mga guro at magulang ay nagbabahagi ng kadalubhasaan at kontrol upang maibigay ang pinakamainam na edukasyon para sa mga bata, bawat isa ay nag-aambag ng iba't-ibang lakas o strengths sa relasyon bilang magulang at guro. | • Ang paggalang sa guro bilang pangalawang magulang sa paaralan.<br>• Paglalahad ng pangako bilang magulang sa paglahok sa mga aktibidad sa paaralan.<br>• Pagbabahagi ng mga responsibilidad sa pagpaplano at paggawa ng desisyon sa paaralan ay mahalagang bahagi para sa tunay na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga magulang at guro. |

## Simulan / Alamin Natin

### Paano pa natin higit na mapapalakas ang pakikipagtulungan ng magulang sa guro ng anak?


Kung ang guro ng iyong anak ay nakikipag-ugnayan, iyan ay mahusay! Sa pagtutulungan, maaari kang bumuo ng isang partnership na makikinabang sa iyong anak para sa buong taon ng pag-aaral.

Narito ang ilang paraan na makakatulong ka sa pagbuo ng isang matatag na pagsasama ng magulang at guro:

- Tumugon kaagad sa mga komunikasyon ng guro;
- Makinig at mahinahong tumugon sa mga alalahanin o reminders sa silid-aralan;
- Dumalo sa mga pagpupulong at workshop sa paaralan hangga't maaari;
- Aktibong lumahok sa pag-aaral sa bahay ng iyong anak kung kinakailangan;
- Mag-brainstorm kasama ang iyong anak at ang kanilang guro upang malutas ang mga hindi pagkakasundo;
- Ibahagi ang mga nakaraang karanasan sa paaralan (parehong positibo at negatibo) sa mga kasalukuyang guro ng iyong anak;
- I-update ang guro ng iyong anak sa anumang mga paghihirap na nangyayari sa bahay na maaaring makaapekto sa kanilang pagganap sa paaralan.

## Pag-isipan Natin

Kumpletuhin ang Venn Diagram sa ibaba na naglalarawan sa pakikipagtulungan ng magulang at guro. Isulat ang mga tungkulin ng guro sa **A** at ang tungkulin mo bilang magulang sa **B.** Sa gitna naman ay isulat ang inaasahang resulta ng pagtutulungan ninyo.



## Pag-usapan Natin

**1. Oras at Enerhiya o Gana.** Balikan ang mga naging rating sa mga pangungusap sa Gawin Natin. Humingi ng suhestiyon sa asawa o kasamahan sa bahay kung ano ang maaaring gawin upang malampasan ang isyu o problema sa paglaan ng oras at gana bilang magulang. Isulat sa ibaba ang magiging suhestiyon ng nakausap na asawa o kasamahan sa bahay.

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________



**2. Kaalaman at Kakayahan.** Balikan ang mga naging rating sa mga pangungusap sa Gawin Natin. Humingi ng suhestiyon sa guro ng iyong anak kung ano ang maaaring gawin upang masolusyonan ang kakulangan sa kaalaman at kakayahan bilang magulang. Isulat sa ibaba ang magiging suhestiyon ng nakausap na guro.

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

# Priority Matrix

Panuto: Mula sa mga suhestiyon ng iyong asawa o kasamahan sa bahay at ng gurong nakausap, ilagay sa **Priority Matrix** ang mga ito upang makita mo kung ano-ano ang kinakailangan mong bigyan ng prayoridad bilang magulang. Maaari ka ring magdagdag ng mga binabalak mong gawin upang mapagtibay mo pa ang iyong pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak.

Narito ang gabay sa bawat kahon:
A - Mga paraan na importante at kailangang gawin agad.
B - Mga paraan na importante subalit hindi pa kinakailangang gawin agad. Ito 'yung mga maaaring gawin kung kinakailangan lang.
C - Hindi gaanong importante kumpara sa iba subalit kailangang gawin agad
D -Hindi gaanong importante kumpara sa ibang paraan at hindi pa kinakailangang gawin agad.

| | **Kailangang gawin agad** | **Hindi pa kinakailangang gawin agad** |
|---|---|---|
| **Importante** | A. | B. |
| **Hindi gaanong importante** | C. | D. |

Narito naman ang gabay kung anong maaaring gawin sa mga sinulat sa A, B, C, at D:
A - Gawin ito palagi
B - Maaaring i-plano o i-schedule sa ibang araw
C - Maaaring ipagawa sa ibang kasamahan sa bahay o humingi ng tulong sa kanila
D - Huwag na munang gawin

**Pamprosesong Tanong:**

1. Bakit mahalagang maunawaan ang mga kinakailangang gawin upang mas masuportahan ang anak sa pag-aaral?

______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

2. Ano ang kahalagahan ng maayos na pakikipag-tulungan sa guro ng iyong anak?

______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

## Ibahagi Natin

Ibahagi sa iyong social media account ang 3 bagay na iyong natutunan sa Parent-Teacher Partnership Module.

## Tayahin Natin

**Panuto: Basahing mabuti ang mga sitwasyon at sagutin ang bawat tanong.**

**1** Nagbukas na ulit ang klase ng Grade 1 sa paaralan nina Jayson pagkatapos ng halos dalawang taon nila sa distance learning, alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng maayos na pakikipagtulungan ng magulang niya sa guro nito?

a. Pinadala ni Nanay Letty ang lahat ng kinakailangang kagamitan sa paaralan.
b. Hiningi ni Nanay Letty ang contact number ng kanyang teacher upang makakuha ng update tungkol sa anak niya.
c. Nag-post si Nanay Letty sa kanyang Facebook account ng ganito: "Salamat naman at bukas na ulit ang paaralan. Ayaw ko na magturo sa bahay. Napakahirap unawain ng module ng mga bata."
d. A at B

**2** Alin sa mga sumusunod na mensahe ng magulang sa guro ang nagpapakita ng kasiyahan sa pakikipagtulungan o pakikipag-ugnayan sa guro ng anak?

a. "Ma'am, bakit naman po wala pang check yung mga module na sinagutan ng anak ko?"
b. "Sir, maaari po ba tayong magpulong sa isang araw para ipaliwanag ang gagawing performance task ng mga bata?"
c. "Sir, sana po bawasan niyo ang mga pinasasagutan sa mga bata dahil kami naman ang nahihirapan eh."
d. "Ma'am, tumawag na lang po kayo sa akin para ipaliwanag sa anak ko ang gagawin sa kanyang performance task."

**3** May trabaho ka sa patahian ng damit sa araw ng Sabado kaya hindi ka makakatulong sa paglilinis ng silid-aralan ng iyong anak. Ano ang gagawin mo?

a. Hindi papansinin ang schedule ng paglilinis sa silid-aralan.
b. Ipapaki-usap sa asawa o sa kamag-anak na siya muna ang magpunta sa paaralan upang tumulong sa paglilinis.
c. Makiki-usap sa guro na kung maaari ay sa ibang araw na lang siya maglinis sa silid-aralan.
d. B at C

**4** Alin sa mga sumusunod ang hindi tungkulin ng guro para sa iyong anak?

a. Pagtuturo ng mga aralin.
b. Paghatid sa iyong anak sa bahay.
c. Pagpapa-check up ng iyong anak sa clinic dahil ikaw ay may trabaho.
d. Pagbibigay ng permiso sa iyong anak upang sumama sa field trip.

## Tayahin Natin

**Panuto: Basahing mabuti ang mga sitwasyon at sagutin ang bawat tanong.**

**5** Nagkaroon ng problema si James sa paaralan niya dahil sa hindi pagkakaunawaan sa kanyang kaklase. Bilang magulang, ano ang aksiyong gagawin mo?

a. Ipaki-usap sa kamag-anak na siya ang pumunta sa paaralan upang iresolba ang problema.
b. Pumunta sa paaralan at makipag-ugnayan sa guro ng anak upang maresolba ang problema.
c. Hayaan ang anak na siya ang lumutas ng problema upang matutong maging independent ito.
d. Makipag-ugnayan sa guro sa pamamagitan ng chat at text lamang.

### B. Parent-Teacher Partnership Tracker (STAR - Situation, Target, Action, Result)

Layunin ng tracker na ito na maunawaan mo ang iyong mga naging aksiyon o aplikasyon ng mga natutunang konsepto sa module na ito patungkol sa pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak. Nilalaman ng tracker na ito ang:

**Situation -** Mga sitwasyon o pangyayari tungkol sa pag-aaral ng iyong anak na kinakailangan ng iyong tugon o aksiyon
**Target -** Ninanais na bunga o resulta ng magiging aksiyon
**Action -** Stratehiyang ginawa upang tumugon sa sitwasyon o pangyayari
**Result -** Naging bunga o resulta ng ginawang stratehiya o aksiyon.
Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Situation | Nahihirapang unawain ng anak kung paano gagawin ang kanyang project o performance task sa Grade 4-Science. |
| Target | Makapag-submit nang maayos na project sa tinakdang panahon. |
| Action | • Chinat ang guro upang humingi ng dagdag pagpapaliwanag tungkol sa project.<br>• Kinausap ang anak tungkol sa kanyang nalalaman tungkol sa paksa.<br>• Sumangguni sa iba pang resources upang maisagawa ang project. |
| Result | Nakakuha ng mataas na marka sa project sa Science 4. |

**B. Parent-Teacher Partnership Tracker (STAR - Situation, Target, Action, Result)**

Panuto: Gumawa ng Parent-Teacher Partnership Tracker gamit ang STAR Approach patungkol sa pakikipagtulungan sa guro ng anak para sa kanyang pag-aaral.

| | |
|---|---|
| Situation | |
| Target | |
| Action | |
| Result | |

Mga Ginamit na Sanggunian:


- Bartolome, M. T., Mamat, N., & Masnan, A. H. (2017). Parental involvement in the Philippines: A review of literatures. Southeast Asia Early Childhood Journal, 6, 41–50. https://doi.org/10.37134/saecj.vol6.5.2017
- Đurišić, M., & Bunijevac, M. (2017). Parental involvement as a important factor for successful education. Center for Educational Policy Studies Journal, 7(3), 137–153. https://doi.org/10.26529/cepsj.291
- Epstein, J. (2001). Advances in family, community, and school partnerships. New Schools, New Communities, 12(5), 5-13.
- Estroff, S. D. (2021). Parent teacher communication: Dos and don'ts. Scholastic. Retrieved June 4, 2022, from https://www.scholastic.com/parents/family-life/parent-child/parent-teacher-communication-dos-and-donts.html
- Harris, A. and Goodall, J. (2007), Engaging Parents in Raising Achievement: Do Parents Know They Matter?. Research Report DCSF-RW004. University of Warwick. Department for Children, Schools and Families
- Hornby, G. (2011). Parental involvement in childhood education: Building effective school family partnerships. New York: Springer
- Kummer, P. (n.d.). Eliminating obstacles to effective parent-teacher communication. Eliminating Obstacles to Effective Parent-Teacher Communication. Retrieved June 4, 2022, from https://www.transact.com /blog/eliminating-obstacles-to-effective-parent-teacher-communication
- Marketing Communications. (2019, November 14). Five do's and don'ts of effective parent communication: Independent School Management: Advancing school leadership-enriching the student experience. Independent School Management | Advancing School Leadership-Enriching The Student Experience. Retrieved June 4, 2022, from https://isminc.com/advisory/publications/the-source/five-dos-and-donts-effective-parent-communication
- SCHOOLCOMMS NEWS. (2022, March 21). 5 common barriers to communication between parents and teachers - parentpay. Parentpay Group. Retrieved June 4, 2022, from https://www.parentpay.com/parentpaygroup/blog/5-common-barriers-to-communication-between-parents-and-teachers/
- Swap, S. M. (1993). Developing home-school partnerships. New York: Teachers College Press.
- Womack, H. (2021, April 20). The barriers to parental involvement and the benefits of fixing it. goteachersintouchcom. Retrieved June 4, 2022, from https://goteachersintouch.com/the-barriers-to-parental-involvement-and-the-benefits-of-fixing-it/



"Huwag tanungin kung mahirap. Tanungin kung mahalaga."

- Fr. Roque Ferriols, SJ

# Thank you!